# SMC delivers 19% net income growth to Php 37.1Bn in first nine months









San Miguel Corporation (SMC) reported a 19% rise in net income to ₱37.1 billion during the first nine months of 2024, driven by strong revenue growth across its diverse businesses.

Despite challenges such as typhoons and currency fluctuations, SMC's consolidated revenues increased by 11% to ₱1.2 trillion. This strong performance was fueled by higher sales volumes in its Power, Fuel & Oil, Food, and Spirits businesses.

Operating income also went up by 11%, with improved profitability in the Food, Spirits, and Infrastructure sectors which offset lower refining margins in the Fuel & Oil business. EBITDA went up by 9% to ₱168.1 billion.

Overall, the Company's strong performance demonstrated its ability to adapt to challenges and deliver consistent growth.

"Our commitment to sustainable growth and responsible cost management is at the core of everything we do. Our strong results reflect our ability to run our businesses efficiently, seize growth opportunities, and focus on building long-term value and excellence," said SMC Chairman and CEO Ramon S. Ang.

**FOOD AND BEVERAGE**

San Miguel Food and Beverage, Inc. (SMFB) achieved strong financial results in the first nine months, with solid growth across all business segments. Consolidated sales rose 5% from last year, reaching ₱291.1 billion. Income from operations increased by 15% to ₱39.9 billion, while consolidated net income rose by 11% to ₱30.4 billion.

San Miguel Foods posted a 4% increase in sales to ₱134.3 billion, supported by higher volumes. The Prepared and Packaged Foods segment led the growth with an 11% revenue increase, driven by strong demand for key products like Purefoods Luncheon Meat, Magnolia Dairy, and San Mig Coffee. This segment's EBITDA jumped 39% to ₱15.5 billion, benefiting from top-line growth and lower raw material costs.

San Miguel Brewery Inc. reported consolidated revenues of ₱111.2 billion, up 3%, due to higher volumes. Domestic sales reached ₱99.1 billion while international sales amounted to $212.4 million. The Beer segment's EBITDA reached ₱28.9 billion, with expected growth momentum through targeted initiatives.

Ginebra San Miguel Inc. (GSMI) achieved a strong 17% increase in sales to ₱45.6 billion, driven by higher prices and volumes. Operating income also rose, with EBITDA totaling ₱7.1 billion. Strong brand performance and efficient distribution contributed to the growth of the Spirits segment.

**POWER**

San Miguel Global Power Holdings Corp. (SMGP) sustained its strong performance, reporting a 57% increase in off-take volumes. This was supported by new capacities, including 1,200 MW from South Premiere in Ilijan, Batangas; additional BESS ancillary services, and the start of commercial operations of Mariveles' Units 1 and 2. Consequently, consolidated revenues rose 23% to ₱153.6 billion.

Operating income and EBITDA saw significant growth of 43% and 37%, respectively. Net income rose 48% to ₱13.5 billion.

**FUEL AND OIL**

Petron Corporation (Petron) continued to report strong revenues in the first nine months of the year despite challenges in the international oil market. Consolidated revenues increased 12% to ₱657.9 billion, driven by sustained volume growth of 12% to 104.4 million barrels, from 93.6 million barrels in 2023.

Sales volume from its Philippine operations and Singapore trading arm posted a combined 16% increase to 67.8 million barrels, while sales volume in Malaysia rose 4% to 36.6 million barrels. The Company's service station operations in the Philippines fueled the consolidated 7% increase in total retail sales driven by Petron's strong brand attributes and strategic marketing efforts. Sales from its commercial and export trades also showed consistent improvements at 7% and 11%, respectively.

The strong volume and sales performance was weighed down by a correction in refining margins resulting in an operating income of ₱22.3 billion in the first nine months, from ₱27.0 billion in the same period last year. Net income for the nine-month period ended at ₱7.1 billion from ₱9.5 billion in 2023.

**INFRASTRUCTURE**

San Miguel Infrastructure delivered steady growth, with consolidated revenues of ₱27.0 billion in the first nine months, up 8% compared to the same period last year. The combined daily average traffic volume from all operating toll roads rose by 2%, reaching 1.02 million vehicles.

The company achieved an 8% increase in both operating income and EBITDA to ₱14.6 billion and ₱22.0 billion, respectively. EBITDA margin remained strong at a healthy 82%.

**CEMENT**

The Cement business, comprised of Eagle Cement Corporation, Northern Cement Corporation, and Southern Concrete Industries, Inc., delivered a 3% increase in volume for the nine-month period, despite industry volume contracting by about 2.3%.

Consolidated revenues of ₱27.0 billion for the same period however dipped by 6% due to lower selling prices, influenced by the influx of imported traded cement.

Despite the decline in topline, operating income grew by 16%, supported by lower input costs and enhanced operating efficiencies. EBITDA rose by 9% to ₱7.6 billion, with margin expanding to 28%.

## Heads up sa mga Ka-MARKETS




Please be guided on the updated mall hours of SM Marketmall Dasmariñas starting January 2, 2026.

Plan your visit and make the most of your day with us. See you around!


Heads up sa mga Ka-MARKETS

Please be guided on the updated mall hours of SM Marketmall Dasmariñas starting January 2, 2026.

Plan your visit and make the most of your day with us. See you around!



ISSN NO. 3116-2509

# DERETSAHAN

WEEKLY PUBLISHING

The paper that stand for real values and gives you real value for money

Vol. II - Series 28 - January 25-31, 2026


**PINATATAG NG CALAMBA CITY ANG KOMUNIKASYON SA BARANGAY SA UNANG BION ORIENTATION**

**Libreng online-based counseling program sa mga pampublikong paaralan, isinulong sa Kamara**

# Mayor Ross Rizal Leads Oath-Taking of Newly Reclassified Teachers in Calamba City






**LTFRB gumagawa ng batas para hindi payagang magrenew ang mga sira-sirang pampasaherong sasakyan**

**Full transparency sa 2026 budget itinulak ng Cayetano-led Minority Bloc**

**Reservist, Nakadiskubre ng Nakatagong mga Granada sa Pampublikong Sementeryo sa Quezon**

**Mahigit P116K Halaga ng Hinihinalang Shabu, Kumpiskado ng Rodriguez PNP**

**BARAS LAB TSEK, INILUNSAD BILANG HANDOG SA IKA-105 ANIBERSARYO NG BAYAN**

**Dagdag na Php 800 sa minimum wage ng mga kasambahay, malaking tulong ayon sa isang senador**

**Motion to quash ni Revilla sa kasong malversation, batayan ng pag-urong ng arraignment at pre-trial – Sandiganbayan**

**Most Wanted na Suspek sa Maramihang Kasong Syndicated Estafa, Arestado sa Tanay**

## KWF Aktibong Nakilahok sa K-10 Curriculum Implementer's Summit




Aktibong dumalo ang Tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na si Atty. Marites A. Barrios-Taran, kasama ang Fultaym Komisyoner Benjamin M. Mendillo sa K-10 Curriculum Implementers' Summit na isinagawa noóng 15 Enero 2026 sa Rizal Park Hotel, Manila. Layunin ng pagtitipon na pagtibayin, talakayin, at pag-ibayuhin ang pagpapatupad ng K-10 Kurikulum sa buong bansa.

Nagbigay ng mahalagang mensahe si Department of Education (DepEd) Secretary Sonny Angara at binigyang-diin nito ang papel ng mga tagapagpatupad ng kurikulum sa paghubog ng makabuluhan, ingklusibo, at makabansang edukasyon. Hinikayat niya ang mga guro, administrador, at katuwang na institusyon na magkaisa, makipagtulungan, at magsulong ng de-kalidad na sistema ng pagkatuto.

Nakiisa rin sa summit sina G. Gerson Marvin M. Abesamis, Director IV ng Bureau of Learning Delivery, Atty. Ester A. Funtalan, OIC, Office of the Director III ng BLD, at G. Jerome T. Buenviaje, Assistant Secretary ng Learning System Strand. Aktibo silang nagbahagi ng pananaw, naglatag ng mga polisiya, at nagpaliwanag ng mga estratehiya kaugnay ng epektibong implementasyon ng K-10 Kurikulum.

Ipinakita ng K-10 Curriculum Implementers' Summit ang sama-samang pagkilos ng mga pinunò, eksperto, at institusyon upang paunlarin ang edukasyong Pilipino.

# EDITORYAL:

## CHIZ URGES GOV'T TO ADVANCE TRIPARTITE DEAL TO EMPOWER LGUS

Senator Francis "Chiz" Escudero is calling on the national government to advance the proposed tripartite agreement among the Department of Public Works and Highways (DPWH), the Department of Education (DepEd), and the Department of Agriculture (DA), saying the framework will empower qualified local government units (LGUs) to achieve accelerated growth through improved infrastructure, stronger rural connectivity, and better school facilities.

In his recent conversation with Public Works Secretary Vince Dizon, Escudero said he was informed that the proposed agreement identifies two key requirements for LGUs that will be prioritized: demonstrated capacity to implement and complete projects, and a stable peace-and-order environment that allows development programs to proceed without disruption.

"The national government should focus on LGUs that have shown they can plan well, execute well, and maintain order," Escudero said. "When local governments are capable, national-local partnerships become faster, more efficient, and more impactful."

"Our LGUs should also take advantage of this new business model by meeting these requirements so they can access more support, unlock bigger opportunities, and deliver development programs more quickly to their constituents," he added.

The Bicolano senator expressed his delight when he was told by Secretary Dizon that Sorsogon is among the provinces that meet the criteria and could serve as a top choice under the tripartite model, citing its strong governance performance and readiness to implement infrastructure programs.

From 2019 to 2022, during Escudero's term as governor, Sorsogon completed major infrastructure projects such as the Sorsogon Coastal Road, rehabilitated provincial and barangay roads during the pandemic, and strengthened peace and order through support for Barangay Development Projects under the Task Force to End Local Communist Armed Conflict (TF-ELCAC). These initiatives created a stable environment that enabled development programs to take root and succeed.

The veteran legislator said the tripartite model is applicable to all provinces nationwide, provided that LGUs meet the agreement's requirements on capacity and peace and order.

Replicating the approach in similarly capable LGUs, he said, can help spur growth across regions.

He added that the DPWH-DepEd-DA partnership can serve as a template for future collaborations aimed at improving infrastructure, enhancing education facilities, and supporting agricultural productivity.

"This is exactly how the Local Government Code envisioned development — strong national support matched with capable, empowered LGUs delivering results on the ground," Escudero pointed out.

"When we back LGUs that are ready and proven, progress becomes faster, fairer, and felt by more families," he concluded.

## Mayor Ross...

FROM PAGE 1

CALAMBA CITY — A meaningful and historic milestone unfolded as Mayor Roseller "Ross" H. Rizal led the Oath-Taking Ceremony of the Newly Reclassified Teachers of the Schools Division Office (SDO) of Calamba City, honoring their dedication, perseverance, and passion for the teaching profession.

The ceremony served as a formal recognition of the teachers' long years of service, commitment to excellence, and unwavering love for education. Their reclassification stands as proof that hard work, competence, and genuine concern for learners are always rewarded.

In his message, Mayor Rizal congratulated the teachers and commended their vital role in shaping the minds and future of Calamba's youth. He emphasized that investing in educators is an investment in the city's long-term progress and development.

"You are not only teachers inside the classroom—you are mentors, role models, and nation-builders. Your service uplifts not just your students, but the entire community of Calamba City," Mayor Rizal said.

The newly reclassified teachers expressed gratitude for the recognition, describing the moment as both humbling and motivating. Many shared that the milestone inspires them to continue striving for excellence and to further improve the quality of education they provide.

The local government of Calamba City reaffirmed its strong support for the education sector, pledging continued programs and initiatives that uplift teachers' welfare and professional growth.

As the ceremony concluded, the atmosphere was filled with pride and optimism, celebrating educators as true partners in building a brighter future for Calamba City.

Mabuhay ang ating mga guro—ang mga tunay na bayani ng kinabukasan ng Calamba City!

*(Edjun Mariposque)*

## Full transparency...

FROM PAGE 1

Itinulak ng Senate Minority bloc sa pamumuno ni Senador Alan Peter Cayetano na kailangang malinaw at bukas sa publiko ang lahat ng amendment o pagbabago sa panukalang 2026 national matapos lumabas ang malalaking realignment nang walang kalinawan.

Sa period of amendments para sa House Bill No. 4058 o General Appropriations Bill (GAB) para sa F.Y. 2026 nitong December 2, kinuwestiyon ni Cayetano ang paglitaw ng malalaking pagbabago sa committee report na walang nakalagay na may-akda.

"Either we believe in transparency or not. So if we're going to ask members now to propose their individual [amendments], maliliit iyon… Hindi ba dapat malaman natin kung sino ang nag-propose ng mga ito at ang proseso ng pag-a-approve nito?" wika niya.

Paliwanag ni Senator Sherwin "Win" Gatchalian na siyang sponsor ng budget, ang committee report ay naglalaman ng mga pagbabago ng komite sa bersyon ng House, at ang mga susunod na amendment ay papasok na bilang individual amendments ng mga senador.

Giit ni Cayetano, kailangan ng kalinawan kung sino ang nag-introduce ng major adjustments na nakasaad sa committee report, lalo na't hindi lumabas ang mga naturang pagbabago sa labing-isang araw na interpellation ng Senado.

"If you're saying now na ito na rin y'ung amendments from the House, I want to point out that parang nabale-wala y'ung interpellation. Having said that, kung ito na y'ung sa House, in the spirit of transparency, I'd like to know who moved [for them]," wika niya.

Sa isang media interview ng parehong araw, sinabi ni Cayetano na nais niyang bigyang linaw ang malaking halaga na nakalagay sa unprogrammed funds kahit aniya dati nang napag-usapan na dapat bawasan o alisin ito dahil hindi tiyak ang revenue.

"Since 2023 budget, ang problema natin ay y'ung unprogrammed funds. Pero dito sa version natin meron pa rin. Bakit hindi na lang tanggalin yun?" wika niya.

Sinabi niya na dapat munang linawin ang isyu na ito upang magkaroon ng tiwala ang publiko sa repormang nais gawin ng naturang pondo.

"Given not only the stigma, the flood control, and also itong unprogrammed funds, kailangan himayin because this is another animal. Until we figure this out may magiging lamat pa rin itong budget na ito," wika niya.

Binigyang diin ni Cayetano na nakatuon ang buong Minority Bloc sa pagsuporta sa pagsiguro sa accountability ng 2026 budget.

"We want to go all the way with the reforms…Anything that's reformative, anything na dapat ipagbawal, anything that can lead to resolve the present problems ng ating bansa, gusto ng Minority iyon," wika niya.

## LTFRB...

FROM PAGE 1

Bumabalangkas na ng panuntunan ang Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na kanilang ititigil ang pagrerenew sa mga prangkisa ng mga sira-sirang public utility vehicles.

Sinabi ni LTFRB Chairperson Vigor Mendoza na kapag natapos na ang nasabing panuntunan ay hindi na sila magrerenew ng mga prankisa ng mga pampasaherong sasakyan na sira-sira.

Sakop nito ang mga traditional at modern jeepneys, buses maging ang mga taxis.

Personal kasi nito ng naranasan ang pagsakay ng jeep sa Visayas kung saan mayroong malaking butas ito sa gitna maging ang mga drivers ay hindi nakasuot ng tama gaya ng naka-tsinelas, sando at shorts lamang ang mga ito.

*(Nelson Dimapilis)*

DERETSAHAN WEEKLY PUBLISHING
The paper that stand for real values and gives you real value for money

**DERETSAHAN WEEKLY PUBLISHING** is an **ENGLISH/FILIPINO** newspaper that is being regularly published weekly every Sunday.

**EDITORIAL OFFICE**

**Business Office : #025 Coastal Green St., P. F. 1 Espiritu, Bacoor City Cavite**
**Mobile No. -------- 09365035056**
**Email ad: deretsahan2024@gmail.com**

**EDITORIAL BOARD**

| | |
|---|---|
| **Publisher** | : Nelson A. Dimapilis |
| **Editor-In-chief** | : Edjun C. Mariposque |
| **Editor** | : Kevin Pamatmat |
| **Managing Editor** | : Sol Luzano |
| **Marketing Manager** | : Pau Dela Cruz |
| **Circulation Manager** | : Christina Mercado |
| **Lay Out Artist** | : Danica Mae G. Cardiño |

**ADVERTISING RATES**

COMMERCIAL ------------- P200/col.cm
LEGAL/NOTICES ------------- P160/col.cm

Font Size:

| | |
|---|---|
| Heading | : 10 |
| Body Text | : 08 |
| Space | : Single space |



## Mahigit...

FROM PAGE 1

RODRIGUEZ, Rizal — Mahigit sa ₱116,000 halaga ng hinihinalang shabu ang nasabat ng mga operatiba ng Rodriguez Municipal Police Station matapos ang isang matagumpay na buy-bust operation sa Barangay Manggahan, Rodriguez, Rizal, madaling araw ng Enero 23, 2026, bandang alas-12:20 ng madaling araw.

Arestado sa operasyon ang isang street-level individual na kinilalang si alyas "Pudong," 47 taong gulang at residente ng nasabing barangay.

Nakumpiska mula sa suspek ang apat (4) na sachet ng hinihinalang shabu na may kabuuang timbang na humigit-kumulang 17.2 gramo at tinatayang nagkakahalaga ng ₱116,960.00.

Nasamsam din ang isang pouch at ang buy-bust money na ginamit sa operasyon.

Agad na dinala ang suspek sa kustodiya ng Rodriguez Municipal Police Station para sa tamang dokumentasyon at kaukulang disposisyon.

Siya ay mahaharap sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Samantala, muling iginiit ng Rizal Police Provincial Office ang kanilang matibay na paninindigan laban sa ilegal na droga.

"Mananatiling masigasig ang Rizal PPO sa pagpapatupad ng batas at sa pagpuksa ng ilegal na droga upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa ating komunidad," pahayag ni PCOL Feloteo A. Gonzalgo, Acting Provincial Director ng Rizal PPO .

*(Pau Dela Cruz)*

## Reservist...

FROM PAGE 1

LUCBAN, Quezon — Isang reservist ng Philippine Army ang nakadiskubre ng malaking bilang ng mga aktibong hand grenade sa loob ng isang pampublikong sementeryo habang bumibisita sa puntod ng kanyang pamilya, na agad namang nagbunsod ng pakikipag-ugnayan sa mga awtoridad upang masiguro ang kaligtasan ng publiko noong Enero 18.

Kinilala ang reservist na si PFC Bismarck Floyd D. Mandaing, miyembro ng 404th Ready Reserve Infantry Battalion ng 4th Regional Community Defense Group.

Ayon sa ulat, nasa Palola Public Cemetery si Mandaing nang ipaalam sa kanya ang tungkol sa isang hinihinalang pampasabog na nakabaon sa loob ng isang malaking punong kahoy na bumagsak sa loob ng sementeryo.


Agad na sinuri ni Mandaing at ng kanyang mga kasamahan ang lugar at kanilang natuklasan ang kabuuang 120 piraso ng hand grenade na nakatago sa ilalim ng nasabing punong kahoy.

Kaagad na isinagawa ang mga kinakailangang hakbang upang masiguro ang kaligtasan ng lugar, kabilang ang pag-secure ng mga nakumpiskang pampasabog at ang paglikas sa mga taong nasa paligid ng sementeryo.

Kaagad ding ipinaalam sa mga awtoridad ang insidente at nakipag-ugnayan sa Explosive Ordnance Disposal (EOD) Battalion, na dumating sa lugar upang magsagawa ng masusing pagsusuri at angkop na aksiyon kaugnay ng mga nakuhang granada.

Binigyang-diin ng insidente ang mahalagang papel ng pagiging mapagmatyag at maayos na koordinasyon ng mga reservist, sibilyan, at mga yunit ng militar sa pagpigil sa mga posibleng banta sa kaligtasan ng publiko, lalo na sa mga pampublikong lugar na madalas puntahan ng mga mamamayan.

*( Pau Mojar)*



## Motion...

FROM PAGE 1

Naghain ng motion to quash ang kampo ni dating Senador Ramon "Bong" Revilla Jr. sa Sandiganbayan upang ipabasura ang kasong malversation laban sa kanya

Ayon sa depensa, depektibo umano ang impormasyon dahil wala siyang kustodiya o kontrol sa pondong sinasabing nawaldas, at hindi rin siya isang accountable officer.

Ang mosyon ang naging batayan ng Sandiganbayan Third Division sa pagpapaliban ng arraignment at pre-trial ni Revilla sa Pebrero 9.

Kaugnay ito ng mga kasong graft at malversation na may kaugnayan sa umano'y maanomaliyang P92.8 milyong flood control project sa Bulacan.

Ayon kay Associate Justice Karl Miranda, sinusuri ng korte ang argumento ng depensa na walang malinaw na sabwatan o common criminal design na nakasaad sa reklamo, at hindi rin malinaw kung paano iniugnay ang 2025 General Appropriations Act sa sinasabing paglustay ng pondo at pamemeke ng dokumento.

Matatandaan, batay sa testimonya sa Senate Blue Ribbon Committee nina dating DPWH Undersecretary Roberto Bernardo at Engineer Henry Alcantara, sangkot umano si Revilla sa paglihis ng pondo ng flood control projects sa Bulacan, kabilang ang sinasabing milyon-milyong pisong kickbacks, subalit mariing itinanggi ng kampo ni Revilla ang mga paratang.

Kasalukuyang nahaharap sa kasong graft at malversation sa Sandiganbayan si Revilla at anim na iba pa. Habang wala pang desisyon ang korte, mananatiling nakakulong ang dating Senador sa New Quezon City Jail sa Payatas, habang nakabinbin pa rin ang kanyang kahilingang ilipat sa Camp Crame dahil sa umano'y banta sa seguridad.

*(Nelson Dimapilis)*

## PINATATAG...

FROM PAGE 1

CALAMBA CITY, Laguna — Pinagtibay ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba ang ugnayan at daloy ng impormasyon sa antas-barangay matapos isagawa ang kauna-unahang orientation ng Barangay Information Officers Network (BION) noong Enero 22, 2026, na dinaluhan ng 54 Barangay Information Officers (BIOs) mula sa iba't ibang barangay ng lungsod.

Pinangunahan ang aktibidad ng City Information Officer (CIO) na si Phillip Bautista, sa tulong at suporta ng Laguna Provincial Information Office (PIO) at ni Gobernador Sol Aragones. Layunin ng programa na matiyak ang tama, napapanahon, at mapagkakatiwalaang impormasyong naipararating sa mga komunidad—mula barangay hanggang antas-probinsiya.

Sa kanyang mensahe, binigyang-diin ni Bautista ang mahalagang papel ng pagkakaroon ng itinalagang BIO sa bawat barangay upang mapalakas ang komunikasyon sa grassroots level. Aniya, ang mga BIO ang nagsisilbing tulay sa pagitan ng pamahalaan at mamamayan, lalo na sa pagpapalaganap ng beripikado at opisyal na impormasyon.

Tampok din sa orientation ang mga tagapagsalita mula sa mahahalagang ahensya ng pamahalaan, kabilang ang Laguna PIO Head na si Danilo Lucas, mga kinatawan ng Philippine Information Agency (PIA), at ng Department of the Interior and Local Government (DILG) Laguna. Ayon kay Lucas, higit na nagiging kritikal ang papel ng mga BIO sa panahon ng sakuna at emerhensiya kung kailan mahalaga ang maagap at tumpak na impormasyon.

Nagbahagi rin ng kanilang karanasan ang ilang BIO. Ayon kay Dada Caballes, BIO ng Barangay Laguerta, malaking tulong sa mga residente ang maayos na pagbabahagi ng impormasyon sa social media. Samantala, pinasalamatan naman ni Leo Jade Nones, BIO ng Barangay Majada Labas, ang patuloy na suporta ng pamahalaang panlalawigan sa mga programang nagpapalakas ng komunikasyon sa lokal na antas.

Ang isinagawang BION orientation ay itinuturing na mahalagang hakbang ng Calamba City tungo sa mas malinaw, organisado, at makataong sistema ng komunikasyon sa mga barangay.

*(Pau Dela Cruz)*

## Most...

FROM PAGE 1

TANAY, Rizal — Isang 51-anyos na lalaki na nakalista bilang Most Wanted Person at naharap sa maraming kaso ng Syndicated Estafa ang nadakip ng Philippine National Police (PNP) sa isang operasyon madaling araw ng Enero 20, 2026, sa Sitio Pinutyan, Barangay Laiban, Tanay, Rizal.

Isinagawa ang operasyon bandang alas-5:30 ng umaga ng mga tauhan ng Tanay Municipal Police Station katuwang ang Intel Regional Police Mobile Force Company (RPMFC), sa ilalim ng direktiba ni PNP Acting Chief PLTGEN Jose Melencio C. Nartatez Jr.

Ayon sa pulisya, ang suspek ay may 41 aktibong warrant of arrest kaugnay ng kasong Syndicated Estafa. Nasamsam mula sa kanya ang ilang ilegal na baril at bala, kabilang ang isang .40 caliber pistol ng kilalang tatak na may pitong bala, isang ekstrang magazine na may apat na bala, at isang 9mm pistol na may anim na bala. Ang mga naturang armas ay may paso nang rehistro at natagpuan sa loob ng isang itim na backpack.

Agad ipinaalam sa suspek ang kanyang mga karapatang konstitusyonal bago isinailalim sa medical examination sa Rizal Provincial Hospital sa Morong. Kalaunan ay dinala siya sa custodial facility ng Tanay Municipal Police Station.

Ang mga nakumpiskang baril at bala ay isasailalim sa ballistic examination sa Rizal Forensic Laboratory Office sa Taytay, Rizal.

"The law does not discriminate, at ang pagkakaarestong ito ay patunay na walang sinuman ang makatatakas sa batas. Ipinapaalam natin sa lahat na ang sinumang lalabag sa batas ay mananagot."pahayag ni PLTGEN Jose Melencio C. Nartatez Jr.

Ipinakita ng nasabing operasyon ang pagpapatupad ng Focused Agenda ng PNP sa mas pinaigting na pamamahala ng mga police operation, na layong agad matugis at madakip ang mga high-risk offender upang matiyak ang kaligtasan ng publiko.

"We will continue to pursue those who break the law with resolve and dedication. Ang seguridad ng bawat mamamayan ang aming pangunahing layunin." dagdag pa ni PLTGEN Nartatez Jr.

Kasabay ng pinaigting na kampanya laban sa mga high-profile criminal alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., muling tiniyak ng PNP ang kanilang paninindigan sa adhikaing "Bagong PNP para sa Bagong Pilipinas: Serbisyong Mabilis, Tapat, at Nararamdaman."

*( Pau Dela Cruz)*

## Libreng...

FROM PAGE 1

Isinulong ni Parañaque 2nd District Representative Brian Raymund Yamsuan ang pagpapatupad ng libreng online-based counseling program sa mga pampublikong paaralan sa buong bansa.

Ito ang nakikitang paraan ni Yamsuan para mapakalakas ang serbisyo at suporta kaugnay sa anti-bullying at mental health ng mga estudyante.

Ang panukalang tele-counseling program ni Yamsuan ay nakapaloob sa inihain niyang House Bill 5240 na layuning mapalawak ang saklaw ng ipinapatupad na school-based mental health support and child protection initiative ng Department of Education (DepEd).

Sa ilalim nito ay kukunin ang serbisyo ng guidance counselors at lisensyadong mental heath professionals para sa tele-consultation services sa mga magaaral.

Ang panukala ni Yamsuan ay tugon sa kakulangan ng mga kawani na nakatutok sa mental health issues ng mga kabataan na dapat sana ay present sa mga eskuwelahan para sa counseling at iba pang interventions.

*(Nelson Dimapilis)*

DERETSAHAN WEEKLY PUBLISHING
The paper that stand for real values and gives you real value for money




SM CITY DASMARIÑAS

EIGHT'S gonna be a blast! The Sandwich Guy's 18th Sandwich Holiday lands on February 13, 2026, and they're giving a 1-day BUY 1 GET 1 on selected sandwiches in all TSG branches nationwide!

Promotion Mechanics:

1. Customers can enjoy the 18th Sandwich Holiday BUY 1, GET 1 offer on selected sandwiches only.

2. Maximum of 2 orders (4 sandwiches) per person only. Third party deliveries (GrabFood, Foodpanda, Messenger order etc.) are not applicable with the promo and are closed during the day.

3. This promo cannot be combined with any other discounts or promotions.

4. In the purchase of goods and services that are one of the promotional discounts, the senior citizen and PWD can avail of the promotional discount or the discount provided under the Expanded Senior Citizen Act of 2010, whichever is higher.

Per DTI Fair Trade Permit No. FTEB-246143 Series of 2026.





*ISPORTS is now open at SM City Tanza*

Looking for a fun way for kids to bond and stay active? Bring them along for exciting playtime, laughter, and special moments together with the family. Isports is now open at SM City Tanza located the Second Level

# TWO SUSPECTS NABBED IN CALAMBA BUY-BUST, PHP 68,000 WORTH OF SHABU SEIZED







CALAMBA CITY, Laguna — Two individuals were arrested and illegal drugs worth an estimated ₱68,000 were confiscated during a buy-bust operation conducted by the Calamba City Police Station at around 12:26 p.m. on January 20, 2026, in Purok 1, Barangay Palo Alto, this city.

The suspects were identified as alyas Jessica, 32, a vegetable vendor and resident of Barangay Palo Alto, Calamba City, and alyas Nelson, 40, a farmer and resident of Barangay Burol, Calamba City.

Both are single, high school graduates, and Roman Catholic.

Police said the operation was carried out under PDEA Coordination Control No. 4-00-01192026-042, leading to the arrest of the two suspects while allegedly selling a heat-sealed transparent plastic sachet containing suspected shabu.

Seized from Jessica were:

Four (4) heat-sealed transparent plastic sachets containing white crystalline substance suspected to be shabu, with a total estimated weight of more or less 10 grams and a standard drug price of ₱68,000

Three (3) ₱100 bills as recovered money,

One (1) black pouch

Recovered from Nelson was:

One (1) ₱500 bill with serial number BD8807372, used as buy-bust money

Authorities said the entire operation was documented using one (1) body-worn camera and one (1) alternative recording device to ensure transparency and proper procedure.

The suspects were informed of their Miranda Rights and the Anti-Torture Warning Act upon arrest.

They will face charges for violation of Section 5 in relation to Section 26 and Section 11, Article II of Republic Act 9165 or the Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Both suspects are currently under the custody of the Calamba City Police Station for documentation and inquest proceedings.

The operation and subsequent arrests were checked and confirmed by PLTCOL Dennis C. De Guzman, Officer-in-Charge of Calamba CCPS.

***(Edjun Mariposque)***




DERETSAHAN WEEKLY PUBLISHING VOL. II SERIES 28
The paper that stand for real values and gives you real value for money


# PUBLISHER CORNER

## CHIZ SEEKS WIDER PROTECTION BENEFITS FOR WORKERS IN POWER SECTOR



After championing VAT-free electricity to ease household costs, Senator Francis “Chiz” Escudero has filed Senate Bill No. 498 to mandate insurance coverage and additional benefits for line workers who build, maintain, and repair the country’s electrical transmission and distribution systems.

“They perform both critical and dangerous work,” Escudero said in the bill’s explanatory note. “Yet a number of them do so bereft of any form of coverage against death, accidents, illness, and other fortuitous events that could be sustained in the line of duty.”

The proposed Line Workers Insurance and Benefits Act seeks to require private distribution utilities, electric cooperatives, and transmission or grid operators to provide insurance coverage and entitlements such as retirement and disability benefits, death and burial assistance, and medical expense reimbursements.

“The coverage of my proposed bill also extends to drivers, helpers, and support crew who are deployed alongside line workers during construction and maintenance operations,” the senator pointed out.

“Employers will be responsible for paying the full cost of insurance premiums, which cannot be deducted from employee wages. This provision ensures that workers receive full protection without bearing the financial burden,” he added.

The veteran legislator explained that the measure draws from House Bill No. 7561, which was approved by the House of Representatives in the 19th Congress. “The provision of insurance coverage and other benefits would ensure that our line workers, as well as their families, are protected from the risks and perils of their chosen occupation,” he said.

Escudero expressed hope that SB 498, which is currently pending before the Senate Committees on Energy and Labor, will be taken up soon as session resumes next week, stressing the urgency of protecting line workers who face daily hazards in the performance of their duties.

The measure complements the Bicolano senator’s broader legislative agenda focused on consumer relief and labor protection. By turning the spotlight on line workers, Escudero highlights his commitment to both affordability and dignity in public service delivery

# BARAS...

FROM PAGE 1

BARAS, Rizal — Bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-105 Anibersaryo ng Pagkakatatag ng Bayan ng Baras bilang isang Humble Town, inilunsad noong Enero 20, 2026 ang programang BARAS LAB TSEK (Willy Cares) sa Baras Gymnasium, na naglalayong tiyakin ang kalusugan at kapakanan ng mga Barasenyo sa pamamagitan ng libreng serbisyong medikal.

Isinagawa ang programa sa temang “Baras sa ika-105 Taon: Mayamang Kultura, Makulay na Kalinangan tungo sa Kaunlaran at Paglago,” at pinangunahan ng Pamahalaang Bayan ng Baras sa pakikipagtulungan ng Municipal Health Office. Layunin nitong ilapit sa mamamayan ang de-kalidad at komprehensibong serbisyong pangkalusugan, lalo na sa mga sektor na higit na nangangailangan.

Kabilang sa mga serbisyong ipinagkaloob sa ilalim ng BARAS LAB TSEK ang konsultasyong medikal sa larangan ng Internal Medicine, Pediatrics, at OB-Gynecology, gayundin ang serbisyong dental at optical. Nagkaroon din ng komprehensibong laboratory services gaya ng Complete Blood Count (CBC), blood chemistry, pati na rin ng X-ray, ultrasound, 2D-echo, at iba pang mahahalagang pagsusuring medikal.

Ayon sa pamahalaang bayan, ang BARAS LAB TSEK ay sumasalamin sa malasakit at aktibong pagtugon ng lokal na pamahalaan upang matiyak na walang Barasenyong napag-iiwanan pagdating sa serbisyong pangkalusugan.

Binigyang-diin na ang malusog na mamamayan ang pundasyon ng isang maunlad at matatag na komunidad.

Ang naturang programa ay pambayang handog nina Mayor Willy Robles at Vice Mayor KC Robles, katuwang ang mga kasapi ng Sangguniang Bayan, bilang patunay ng patuloy na adbokasiya ng pamahalaang lokal para sa serbisyong makatao, abot-kamay, at tunay na may malasakit sa mamamaya.

***( Madelaine Go)***

# EXPLICIT

Madelaine Go



## Inklusibong Impormasyon, na Komunidad

Sa panahong mabilis ang takbo ng impormasyon at laganap ang maling balita, lalong nagiging mahalaga ang papel ng mga tagapaghatid ng tama, makabuluhan, at inklusibong impormasyon sa pamahalaang lokal. Ito ang diwang pinanday sa isinagawang Gender Advocacy in Public Information Training sa Bayan ng Pililla noong Enero 15, isang hakbang na malinaw na nagpapakita ng malasakit ng lokal na pamahalaan sa makatao at responsableng komunikasyon.

Sa pangunguna ng Pamahalaang Bayan ng Pililla, katuwang ang Philippine Information Agency (PIA) CALABARZON, isinagawa ang pagsasanay upang higit pang paghusayin ang kakayahan ng mga kawani ng pamahalaan, barangay, at mga katuwang na tanggapan at organisasyon sa pagbibigay ng impormasyong sensitibo sa kasarian at inklusibo para sa lahat. Hindi lamang ito simpleng seminar—isa itong paalala na ang bawat salitang inilalabas ng pamahalaan ay may bigat, epekto, at pananagutan.

Pinangunahan ng mga dalubhasang tagapagsanay mula sa PIA CALABARZON ang gawain. Tinalakay ni Bb. Charmaine Odong, Public Information Officer II, ang social media management, kung saan binigyang-diin ang wastong paggamit ng digital platforms bilang mabisang kasangkapan sa tamang paghahatid ng impormasyon at pakikipag-ugnayan sa publiko. Sa kabilang banda, inilahad naman ni Bb. Anna Diana B. Mole, Media Production Specialist, ang kahalagahan ng branding at pagbuo ng online identity, isang mahalagang aspeto upang maging malinaw, kapani-paniwala, at madaling makilala ang mensahe ng pamahalaan sa online na espasyo.

Kapuri-puri rin ang malawak na pakikiisa ng iba’t ibang sangay at sektor sa bayan, kabilang ang mga Sangguniang Barangay at Sangguniang Kabataan, mga tanggapan tulad ng MTO, MEO, MDRRMO, MENRO, PESO, Municipal Agriculture Office, Accounting Office, pati na rin ang Pililla Water, Tourism, Historismo, Handicrafts, Market, Assessor’s Office, at iba pang katuwang na organisasyon. Ang kanilang presensya ay patunay na ang mahusay na public information ay kolektibong responsibilidad at hindi lamang gawain ng iisang tanggapan.

Sa kabuuan, ang pagsasanay na ito ay hindi lamang nagbigay-kaalaman kundi nagpatibay rin ng paniniwala na ang inklusibong impormasyon ay pundasyon ng isang matatag at nagkakaisang komunidad.

Sa bawat post, balita, at anunsiyong inilalabas, nawa’y manaig ang respeto, pagkakapantay-pantay, at malasakit sa bawat Pilillanon.

Isang malaking pasasalamat mula sa Public Information Office ng bayan sa PIA CALABARZON, ss pagbabahagi ng mga kaalaman gayundin sa lahat ng mga kalahok, at sa mga naging katuwang na sumuporta sa tanggapan ng PIO.

Mabuhay ang lahing Pilillanon!

# Pointer

Pau Dela Cruz



## NAPOLCOM–PNP SALUDO Hotline: Pagkilala sa Mabubuting Gawain ng Kapulisan, Pagpapalakas sa Moral at Integridad ng Pulis Unang Inulunsad sa Lalawigan ng Rizal.

Kauna- unamg inilunsad ang NAPOLCOM–PNP SALUDO Hotline sa Lalawigan ng Rizal. Isang inisyatiba at may pangunahing layunin na hikayatin ang mamamayan na mag-report ng mabubuting gawain ng mga pulis bilang balanse sa mga negatibong balitang karaniwang napapansin sa midya. At hindi lamang reklamo ang dapat marinig; panahon na upang itampok at parangalan ang kabutihang ginagawa ng kapulisan.

Isang malaking pasasalamat mula kay Gobernador Nina Ricci A. Ynares ng Rizal ang ipinahatid niya sa National Police Commission (NAPOLCOM), Region IV- A sa pamamagitan ni Board Member Reynaldo San Juan para sa pagpili ng unang lalawigan sa CALABARZON. Ginanap ang paglulunsad sa Ynares Event Center, Antipolo City nitong Enero 20, 2026 . Dinaluhan ito ng mga Hepe ng bawat bayan ng Rizal, Force Commander, PMFC, mga Pangulo ng Liga ng Barangay, mga miyembro ng Rizal Provincial Advisory Group for Police Transformation and Development ( PAGPTD), Religious Leaders, iba’ibang Civil Society Group Leaders, mga Pangulo ng mga Homeowners Association at mga kapulisan ng Rizal PPO.

Ayon kay Atty Maclord M Talamayan, NAPOLCOM Provincial Officer, Rizal isa sa mga tagapamahala ng programa,” Karaniwan nang ulat ng pagkakamali o reklamo ang natatanggap ng mga ahensya. Sa pamamagitan ng SALUDO Hotline, binibigyang-diin na mahalagang makita at kilalanin ang mga pulis na tapat na nagsisilbi at gumagawa ng kabutihan sa kanilang komunidad.”

Binibigyang-diin din ni Director Julieta P. Rañeses , Regional Director, MNSA , CESO IV NAPOLCOM CALABARZON, “ Ang pagkilala at pagpaparangal ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng moral at motibasyon ng mga pulis. Kapag ang isang pulis ay kinikilala sa mabuting nagawa, mas lalo siyang nahihikayat na ipagpatuloy ang tama at iwasan ang maling gawain. Ito ay isang positibong paraan upang ituwid at patatagin ang integridad at disiplina sa loob ng organisasyon.”

Ayon pa rin kay Dir Rañeses, “ Wala umanong mahigpit na pamantayan sa pagre-report ng mabubuting gawain. Lahat ng anyo ng kabutihan—maliit man o malaki—ay maaaring i-report, at walang pinipili sa pagbibigay ng pagkilala. Ang bawat lehitimong ulat ay8 bibigyan ng commendation, habang ang mga natatangi at pambihirang gawain ay maaaring gawaran ng tropeo, monetary award, o gawing huwarang halimbawa sa hanay ng kapulisan.”

Dagdag pa rito, ang SALUDO Hotline ay hindi lamang mekanismo ng pagkilala kundi isa ring paraan upang maiwasan ang pagkaligaw ng landas ng ilang miyembro ng kapulisan, sa pamamagitan ng pagpapakita na ang mabuting gawain ay pinahahalagahan at binibigyang-halaga ng pamahalaan at ng sambayanan.

Sa huli, hinihikayat ng NAPOLCOM ang lahat ng mamamayan na makilahok sa SALUDO Project sa pamamagitan ng aktibong pag-uulat ng mga mabubuting gawain ng pulis. Ayon sa ahensya, ang proyektong ito ay may pangmatagalang positibong epekto—hindi lamang sa kapulisan kundi sa buong komunidad—dahil sa pamamagitan ng pagpaparangal sa kabutihan, unti-unting nabubuo ang isang mas tapat, disiplinado, at makataong Philippine National Police.

# 2 bagong gusali hatid ni Amante sa Barangay Labangan







Nagcarlan, Laguna — Sa patuloy na malasakit at dedikasyon ni Congressman Loreto "Amben" S. Amante sa pagpapaunlad ng mga barangay sa Ikatlong Distrito ng Laguna, pinangunahan niya ang pagbabasbas ng dalawang bagong Multi-Purpose Building sa Barangay Labangan, Nagcarlan nitong Martes, Enero 21, 2026.

Ayon kay Cong. Amante, walang maliit o malaking bayan at barangay pagdating sa pagbibigay-serbisyo publiko, lalo na kung ang kapakanan ng kanyang mga ka-distrito ang nakataya. Binigyang-diin din niya na mahalagang pangalagaan ang mga ipinatupad na proyekto upang mapakinabangan pa ng mga susunod na henerasyon.

Nagpaabot naman ng taos-pusong pasasalamat si Punong Barangay Joseph Bueta, kasama ang buong Sangguniang Barangay, kay Cong. Amante sa ipinagkaloob na proyekto.

Aniya, malaki ang magiging ambag ng mga bagong gusali sa pagpapahusay ng kalidad ng serbisyong pampubliko sa mga residente ng Barangay Labangan.

Dagdag naman ni SK Chairman Clarenz Monteza, malaking tulong ang bagong covered court dahil magagamit na ito sa mga gaganaping liga at iba pang aktibidad ng kabataan at ng buong komunidad.

Dumalo rin sa nasabing aktibidad si Nagcarlan Municipal Administrator Arthur Cabusas bilang kinatawan ni Mayor Elmor Vita, gayundin si District Engineer Jane G. Rosales mula sa Department of Public Works and Highways (DPWH).

***(Shekinah Esteban)***

## Dagdag...

FROM PAGE 1

Malaking tulong para sa mga kasambahay ang karagdagang ₱800 sa kanilang buwanang sahod.

Mula sa ₱7,000 kada buwan na sweldo ng mga kasambahay sa National Capital Region (NCR), ay umakyat na sa ₱7,800 ang kanilang minimum wage.

Ayon kay Senator Jinggoy Estrada, pangunahing nagsulong ng Batas Kasambahay, malaking tulong na sa mga kasambahay na itinataguyod ang kanilang mga pamilya ang dagdag na sahod lalo sa harap ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin.

Nangako naman si Estrada na patuloy na paiigtingin at palalakasin ang implementasyon ng batas para maprotektahan ang kapakanan hindi lamang ng mga kasambahay kundi maging ng kanilang employers.

Sa darating na Pebrero naman ipatutupad sa Metro Manila ang dagdag na sweldo sa mga kasambahay.

***(Nelson Dimapilis)***

# USAP TAYO!: Ugnayan, Serbisyo at Aksyon ng Pamahalaang Bayan sa Tao at Nayon








January 22, 2026 | Brgy. San Jose at Brgy. San Juan

Muling nagbabalik at pormal na nagsimula ngayong taon ang Mayor's Barangay Visitation o USAP TAYO! (Ugnayan, Serbisyo at Aksyon ng Pamahalaang Bayan sa Tao at Nayon) sa pangunguna ng ating masipag na Punong Bayan Mayor Jomapher Uy Alvarez, kasama ang mga Department Head ng Pamahalaang Bayan ng Luisiana.

Layunin ng programang ito na mas mailapit sa bawat barangay ang mga pangunahing serbisyo ng pamahalaan—direkta, mabilis, at may malasakit.


Sa pagbabalik ng USAP TAYO!, mas pinaangat at in-upgrade ang mga serbisyong handog sa ating mga kababayan—mula sa pagbabayad ng buwis at bayarin, tulong sa agrikultura, pangangalaga sa kalikasan, serbisyong panlipunan, civil registration, hanggang sa serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng isang Mini Medical Mission. Tunay na isang one-stop serbisyo na handog mismo sa barangay.

Kasabay pa rin nito ang puso-sa-pusong paglapit ng ating Punong Bayan sa mga hinaing, mungkahi, at problema ng mga kabarangay—upang agad na mabigyan ng aksyon at solusyon. Sa bagong disenyo ng visitation na ito, mas dama ang bukas na pamahalaan, mas malapit sa tao, at tunay na nagsisilbi. Serbisyong ramdam, aksyong totoo—USAP TAYO!

***(Ayie)***



# Mayor Ross Rizal Leads Hospitalization and Burial Aid Distribution for 413 Senior Citizens in Calamba City






CALAMBA CITY, Laguna — Under the compassionate leadership of Mayor Roseller "Ross" H. Rizal, the City Government of Calamba successfully carried out the Distribution of Hospitalization and Burial Assistance for Senior Citizens, benefiting a total of 413 elderly residents.

The beneficiaries received financial support to help cover medical expenses during hospitalization and burial assistance for families who recently lost their loved ones.

The program aims to ease the financial burden of senior citizens and their families, especially during times of illness and grief.

Mayor Ross Rizal emphasized that the initiative reflects the city government's unwavering commitment to protect and care for its elderly population."Our senior citizens have contributed so much to the growth of our city. It is only right that we ensure they are supported, especially in their most vulnerable moments," he said.

City officials noted that the assistance program is part of Calamba's broader social welfare agenda, which prioritizes inclusive governance and responsive public service.

The local government continues to strengthen programs that uphold the dignity, health, and well-being of senior citizens.

The distribution stands as clear proof of the city's continuing compassion and recognition of the elderly sector—reinforcing the belief that no senior citizen should ever be left behind.

With programs like this, the administration of Mayor Ross Rizal reaffirms its dedication to building a caring, people-centered Calamba where every resident, especially the elderly, is valued and supported.

***(Edjun Mariposque)***

# CARD MRI expands holistic care with CARD Care Clinics in Marawi and Cotabato



***CARD MRI staff, management, clients and partners took part in the groundbreaking of the CARD Care Clinic facilities in Marawi City (left) and Cotabato City (right), marking a significant move toward bringing accessible primary healthcare to the communities.***

CARD MRI Property Management, Inc. (CMPMI) led the groundbreaking ceremonies for the CARD Care Clinic Inc. (CCCI) facilities in Marawi City and Cotabato City on January 12–13, 2026. The project represents a major step toward expanding access to primary healthcare for underserved communities in Mindanao, reflecting CARD Mutually Reinforcing Institution's (CARD MRI) commitment to holistic community development.

The initiative aims to support the holistic well-being of CARD MRI clients and local communities by complementing the organization's Islamic financing services with accessible, affordable, and culturally sensitive healthcare. The clinics will offer essential primary healthcare services, including medical consultations, diagnostic services such as X-rays, preventive care, and more.

CMPMI President Maida Decano emphasized the broader significance of the project during her message.

"This groundbreaking ceremony is more than just the opening of a primary care facility. It embodies CARD MRI's mission to address poverty holistically—not only by supporting financial empowerment but also by ensuring communities have access to health and well-being," she said.

Dr. Michelle Anne Dy-Menil, President of CCCI, under the holding company CARD Care Networks Inc. (CCNI), highlighted how the clinics will directly benefit local residents. "Many families still travel long distances just to access even basic healthcare services. With these clinics, we are bringing primary healthcare closer to the people, providing timely consultations, preventive care, and support that respects the community's culture and needs. It's about building healthier families, who in turn can focus on learning, earning, and improving their quality of life," she shared.

The establishment of the clinics was made possible through the support of The Nippon Foundation, a partner organization of CARD MRI, which aims to provide accessible, quality healthcare and support sustainable community development, both in Christian and Muslim communities of Marawi and Cotabato.

The groundbreaking ceremonies were attended by CMPMI President Maida Decano, CARD MRI Resource Mobilization and International Group Director Jean Pauline Landicho, CCCI President Dr. Michelle Anne Dy-Menil, and other CARD MRI heads, officers, staff, clients, and community members.

Media partners covered the Cotabato event, including Anne Acosta of Mindanao Expose Cotabato, Carolyn Abas of Radyo Natin FM Cotabato, Shella Cumbao of TM FM Radio Cotabato, and Sam Sali of XFM 102.1 Cotabato.

The CARD Care Clinics will be located along Narciso Marcos Highway, Barangay Biaba Damag, Marawi City, and Rosales Street, Rosary Heights 6, Sinsuat Avenue, Cotabato City.

The project reinforces CARD MRI's long-term commitment to supporting communities through integrated financial and health services, bringing hope, care, and opportunity closer to those who need it most.

CMPMI, CCCI, and CCNI are member-institutions of CARD MRI, a group of development-oriented institutions established in December 1986 with a common goal of eradicating poverty in the Philippines.